



“

ANG KOMUNYON, UNA SA LAHAT, AY TUNGKOL SA ATING KAUGNAYAN KAY JESUS, NGUNIT ITO RIN AY TUNGKOL SA ATING KAUGNAYAN SA ATING KAPWA MGA MANANAMPALATAYA.

What about...
closed communion? - Tagalog
Copyright © 2020 - WELS - BWM
Tract 2 of 7-MLP Cat No 385526



**Multi-Language
Productions**

Bringing the Word to the World

wels.net/mlp

*Ano Ang
Tungkol Sa ...*

KOMUNYONG HINDI
PANGKALAHATAN?



Ano ang Tungkol sa ... Komunyong Hindi Pangkalahatan?



Ang Hapunan ng Panginoon. Isang himala! Dakilang kapangyarihan! Dahil sa dakilang kapangyarihan ng Diyos, ang katawan at dugo ng ating Panginoong Jesus ay naroroon sa tinapay at alak. Ito ay “para sa iyo,” wika ni Jesus, ibig sabihin, para sa lahat ng mananampalataya. Sa lahat ng pagkakataon, pinagkakalooban ng Diyos ng kalakasan at kaaliwan ang mga mananampalataya sa tuwing tinatanggap nila ang sakramentong ito.

Sa Hapunan ng Panginoon, ang mga mananampalataya ay nagkakaroon ng isang kamangha-manghang kaugnayan kay Jesus na nagbigay ng kanyang katawan at nagbuhos ng kanyang dugo para sa kanila. Ito ay isang natatanging pagsasalu-salo kung kaya’t pinaaalalahanan ni apostol Pablo ang mga Kristiyano na suriin muna ang kanilang mga sarili bago makibahagi rito (1 Corinto 11:28). Nag-iingat ang mga Kristiyano upang hindi nila tanggapin ang Hapunan ng Panginoon nang padalus-dalos at wala sa loob. Isinasalangalang nila ang kanilang mga kasalanan, ang kanilang pananampalataya, at ang kahulugan ng Sakramentong ito bago nila ito tanggapin.

Kaya’t bilang tapat na mga Kristiyano, hindi natin pinahihintulutan na tumanggap ng sakramentong ito ang mga hindi nananalig kay Jesus at ang mga hindi nakahandang tumanggap nito. Ginagawa natin ito bilang pagmamahal sa kanila. Sinabi ni apostol Pablo, “Sapagkat ang sinumang kumakain at umiinom nang hindi kinikilala ang kahalagahan ng katawan

ng Panginoon ay kumakain at umiinom ng kahatulan laban sa kanyang sarili” (1 Corinto 11:29).

Ngunit hindi lang iyan ang dapat nating malaman. Ang Komunyong, una sa lahat, ay tungkol sa ating kaugnayan kay Jesus, ngunit ito rin ay tungkol sa ating kaugnayan sa ating kapwa mga mananampalataya. Sa tuwing dumudulog tayo sa Hapunan ng Panginoon upang tanggapin ito kasama ng iba pa, sama-sama tayong nakikibahagi sa natatanging sandaling ito. Tayo ay iisa kay Jesus at kabahagi ng isa’t-isa. Pinaaalalahanan tayo ng Diyos, “Hindi ba’t ang pag-inom natin sa kopa ng pagpapala na ating ipinagpapasalamat ay pakikibahagi sa dugo ni Cristo? At ang pagkain natin ng tinapay na ating pinipira-piraso ay pakikibahagi naman sa kanyang katawan? Kaya nga, dahil iisa lamang ang tinapay, tayo’y iisang katawan kahit na tayo’y marami, sapagkat nagsasalu-salo tayo sa iisang tinapay” (1 Corinto 10:16, 17).

“Iisang katawan, iisang pananampalataya, iisang paniniwala.”



Iisang katawan, iisang pananampalataya, iisang paniniwala. Ang sama-samang pakikibahagi sa Komunyong ay pagpapahayag na tayo ay iisa sa ating pananampalataya. Kung kaya’t sa ating kapulungan, hindi natin pinahihintulutan tumanggap ng Sakramento ang mga hindi natin kaisa sa pananampalataya at mga kasapi ng ibang mga grupo ng pananampalataya. Naniniwala tayo na ang sama-samang pagtanggap ng Komunyong ay pagpapahayag ng ating pagkakaisa at pagpapahayag ng ating pananampalataya.

Nagagalak tayong ibahagi ang ating pananampalataya sa sinumang hindi kasapi ng ating kapulungan. Kung sila ay akayin ng Diyos na kanilang ipahayag ang kanilang pakikiisa sa ating pananampalataya, buong pananabik at kagalakan nating ipahahayag ang ating pagkakaisa sa pamamagitan ng sama-samang pagdulog sa Hapunan ng Panginoon!

